**Tandaang...**

- tiyaking tama ang iyong mga tala sa immigration.
- ipakita ang iyong mga pinaka kamakailang ibinigay na dokumento ng immigration.
- magpakita ng dokumento ng immigration na magagamit para sa pag-verify ng SAVE.

Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntuning ito, makakatulong ka sa SAVE at sa ahensyang nagbibigay ng benepisyo na i-verify ang iyong katayuan nang napapanahon.

Kung hindi agad na-verify ang iyong katayuan, maaaring pabalikin ka ng ahensya sa ibang panahon habang patuloy na bine verify ng SAVE ang iyong katayuan. Kung mangyari ito, hindi nangangahulugan na labag sa batas ang iyong katayuan o tinanggihan ka na sa benepisyo o lisensyang ibinibigay ng ahensya. Nangangahulugan lang ito na nangangailangan ng karagdagang panahon ang SAVE upang tingnan ang iyong mga tala.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso ng SAVE sa pag-verify, makipag-usap sa isang kinatawan mula sa ahensya na nagbibigay ng benepisyo o bisitahin ang website ng SAVE sa www.uscis.gov/SAVE, at pumunta sa "Impormasyon para sa Mga Hindi Mamamayan na Nag-a-apply para sa Pampublikong Benepisyo."

SAVE™
Systematic Alien Verification for Entitlements

U.S. Citizenship and Immigration Services

**www.uscis.gov/SAVE**

Upang simulan ang proseso sa pag-update o pagtatama ng iyong mga tala sa immigration, bisitahin ang
**http://infopass.uscis.gov**
o tawagan ang
**The National Customer Service Center**
**1-800-375-5283**

# Pag-unawa sa Proseso ng SAVE bilang Aplikante ng Benepisyo

M-1049 (07/2012)

## Ano ang SAVE Program?

Kung hindi ka mamamayan, isang naturalized na mamamayan, o isang derived na mamamayan, maaaring tingnan ng ahensyang nagbibigay ng benepisyo ang iyong katayuan sa immigration gamit ang Systematic Alien Verification for Entitlements (SAVE) Program bago ka bigyan ng pampublikong benepisyo, gaya ng Social Security card, tulong sa pagkakaroon ng bahay, Medicaid, mga food stamp, o driver's license na ibinigay ng estado.

Ibinibigay ng SAVE sa mga pinahihintulutang pampublikong ahensya ang iyong katayuan sa immigration. Ginagamit ng mga ahensya ang iyong katayuan at iba pang impormasyon upang matukoy kung karapat-dapat ka para sa ibinibigay nilang mga pampublikong benepisyo. Responsibilidad ng ahensya na sundin ang proseso sa pag-verify ng SAVE at anumang iba pang mga kinakailangan upang matukoy ang iyong pagiging karapat-dapat para sa benepisyo. Ang ahensya, hindi ang SAVE, ang nagpapasya kung bibigyan ka o hindi ng benepisyo.

## Maaaring i-verify ng SAVE Program ang:

- Katayuang Hindi Immigrant
- Katayuang Immigrant
- Pagiging Mamamayan ng U.S. ng Mga Naturalized at Derived na Mamamayan



## Ano ang dapat mong gawin kapag nag-a-apply para sa mga pampublikong benepisyo o lisensya?

- Siguraduhing tama ang iyong mga tala bago mag-apply.
  Kung kapapalit mo lang ng iyong pangalan o iba pang personal na impormasyon, o kung ang impormasyon sa iyong dokumento ng immigration ay hindi tama, maaaring kailanganin mong itama ang iyong mga tala sa immigration. Upang simulan ang prosesong ito, makipag-appointment upang bisitahin ang iyong lokal na tanggapan ng immigration ng USCIS sa http://infopass. uscis.gov o tawagan ang National Customer Service Center sa 1-800-375-5283 para sa higit pang impormasyon.
- Ipakita ang iyong mga pinaka kamakailang ibinigay na dokumento ng immigration.
  Siguraduhin na ipinapakita mo ang pinaka kamakailang ibinigay na dokumento ng immigration na mayroon ka kapag nag-apply ka para sa benepisyo. Matutulungan nito ang ahensya na mahusay na ma-verify ang iyong katayuan sa immigration sa SAVE. Halimbawa, kung nakatanggap ka ng bagong Card sa Pagpapahintulot sa Pagtatrabaho, tiyaking ipakita iyon kaysa sa luma na maaaring na-expire na.

SAVE™

- Magpakita ng dokumento ng immigration na magagamit para sa pag-verify ng SAVE. pag-verify.
  Ang pinaka karaniwang mga dokumento ng immigration na ginagamit upang humiling ng pag-verify ay:
  - Katibayan ng Pagiging Mamamayan
  - DS-2019 (Katibayan ng Pagiging Karapat-dapat para sa Katayuang Exchange Visitor (J-1))
  - I-20 (Katibayan ng Pagiging Karapat-dapat para sa Katayuang Mag-aaral na Hindi Immigrant (F-1))
  - I-94 (Tala ng Pagdating/Pag-alis)
  - I-94 (Tala ng Pagdating/Pag-alis) sa isang Hindi Expired na Foreign Passport
  - I-327 (Pahintulot sa Muling Pagpasok)
  - I-551 (Card ng Permanenteng Naninirahan)
  - I-571 (Dokumento sa Paglalakbay ng Refugee)
  - I-766 (Dokumento sa Pagpapahintulot sa Pagtatrabaho)
  - I-797A (Notice ng Pagkilos) na may Alien Number o I-94 (Tala ng Pagdating/Pag-alis)
  - Immigrant Visa na Nababasa ng Machine (na may Pansamantalang Wika na I-551)
  - Katibayan sa Naturalisasyon
  - Pansamantalang Tatak na I-551 (sa passport o I-94)
  - Hindi Expired na Foreign Passport

*Hindi kasama sa listahang ito ang lahat ng katanggap-tanggap na mga dokumento ng immigration. Kung may dokumento ka na wala sa listahang ito, ipakita ito sa ahensya na nagbibigay ng benepisyo.*